

Simbuhan BED
The Official Student Publication of FEU Cavite Basic Education Department S.Y. 2025-2026
Metanoia
Awaken • Transform • Transcend

Simbuhan BED
Opisyal na Pahayagan ng FEU Cavite Basic Education Department S.Y. 2025-2026

# Opinyon

## Iskolar Para Kanino?

Yalena Cutad

Sa bawat pagtatapos ng senior high school, may dalawang uri ng laban na hinaharap ng mga estudyante: ang laban para sa pangarap, at ang laban para sa kakayahang maabot iyon.

Para sa maraming Humanista, ang ikalawang laban ang mas mabigat.

Ang pagkamulat na ito ay dumarating habang unti-unting binubuksan ang mga pahina ng mga scholarship program at unibersidad. At doon unti-unting lumilitaw ang isang tahimik ngunit malinaw na katotohanan na hindi lahat ng pangarap ay binibigyan ng parehong pagkakataon.

Habang masigasig na hinihikayat ang mga kabataan na mangarap nang malaki, tila may hindi nakikitang hangganan ang ilang landas. Karamihan sa mga scholarship ay nakatuon sa agham, teknolohiya, inhinyeriya, at matematika. Samantala, ang mga Humanista—ang mga nais maging mamamahayag, manunulat, guro, mananaliksik, at tagapagpaliwanag ng lipunan—ay tila naiiwan sa gilid ng usapan.

Bilang isang Humanista na patuloy na nagsusumikap maging iskolar, hindi lamang ito usapin ng pangarap—ito ay usapin kung may puwang ba ang aming mga pangarap sa sistemang umiiral.


Mas mabigat itong tanggapin para sa mga estudyanteng buong buhay na nagsumikap makamit ang pagiging scholar—mga estudyanteng naniniwalang ang sipag, talino, at dedikasyon ay sapat upang makatawid sa susunod na yugto ng edukasyon. Ngunit pagdating sa kolehiyo, unti-unting lumilitaw ang isang mapait na realisasyon na mas kaunti ang pintuang nakabukas para sa mga piniling landas ng humanidades at agham panlipunan.

Oo, may ilang pagkakataon—ngunit kadalasan ay nasa ilalim pa rin ito ng Bachelor of Science. Samantala, ang mga kursong tunay na nakaugat sa pag-unawa sa lipunan—Journalism, Communication Arts, Political Science, Literature—ay bihirang mabigyan ng parehong suporta.




Talalamanan:

02 Opinyon — Iskolar Para Kanino?
05 Lathalain — Sa Ngalan ng Isang Dakilang Kalapastangan
08 Panitikan — A Letter Never Sent, For Good
17 Sining — Union at Sundown
20 Pamana — Tiket ng Bus sa Inyong Mga Bulsa...












Kung ang siyentipiko ay naghahanap ng lunas sa sakit ng katawan, ang Humanista naman ay naghahanap ng lunas sa sakit ng lipunan.

Lahat ng propesyon ay mahalaga ngunit hindi ba't kasinghalaga lamang ng doktor ang isang mamamahayag upang masalba ang buhay ng isang lipunang naliligaw sa maling impormasyon?

Hindi ba't kasinghalaga ng inhinyero ang isang manunulat upang maitayo ang tulay ng pag-unawa sa pagitan ng mamamayan?

Hindi ba't kasinghalaga ng siyentipiko ang isang tagapagsalaysay ng katotohanan upang mapanatiling buhay ang demokrasya?

Sa panahon kung kailan mabilis kumalat ang kasinungalingan at madaling mabura ang katotohanan, mas lalong kailangan ang mga Humanista. Ngunit paano mahuhubog ang mga boses na ito kung ang mga oportunidad upang mag-aral ay halos hindi maabot?

Pinahahalagahan ba natin ang mga mag-aaral na nais maglingkod sa lipunan sa pamamagitan ng salita, ideya, at katotohanan? O nananatili ba tayong nakakulong sa paniniwalang ang halaga ng edukasyon ay nasusukat lamang sa agham at teknolohiya?

Sapagkat kung ang metanoia ay pagmulat ng isipan, marahil panahon na ring magising ang sistema at kilalanin na ang lipunan ay hindi lamang itinatayo ng mga inhinyero at siyentipiko, kundi pinananatiling buhay ng mga guro, manunulat, at mamamahayag na patuloy na naghahanap at nagsasabi ng katotohanan.

At sa panahong ang katotohanan ay madalas pinatatahimik, marahil oras na ring suportahan ang mga nais maging boses nito sapagkat walang demokrasya kung walang nagtatanggol sa katotohanan.

